

# Ang Aking Pamilya



Mahal ko si Ama.

Mahal ko si Ina.

Ganun din si Ate,  
at si Kuya.

Ang aming pamilya  
ay laging masaya.

Sapagkat kami  
ay sama-sama  
sa tuwi-tuwina.



# Ako ay may Alaga



Ako ay may alaga,  
asong mataba.  
Buntot ay mahaba,  
Makinis ang mukha.  
Mahal niya ako,  
mahal ko rin siya.  
Kaya kaming dalawa  
ay laging  
magkasama.



# Gatas at Itlog



Gatas at itlog,  
pagkaing pampalusog.  
Saging at papaya,  
pagkaing  
pampaganda.  
Uminom ka ng gatas.  
Kumain ka ng itlog.  
Hindi magtatagal  
ikaw ay bibilog.



# Aklat



Kilala mo ako,  
ako'y isang aklat.  
Sa bawat pahina  
ay may nakasulat.  
Mahalin mo ako,  
ako'y pag-ingatan.  
Sa pag-aaral mo,  
kita'y tutulungan.



# Lapis



Ako'y isang lapis.  
Dulo ko ay matulis.  
Naiguguhit ko,  
ang bawat maisip.  
Nabubura ko rin,  
ang bawat sulatin.  
Ako'y baliktarin,  
pambura ko'y  
gamitin.



# Paaralan



Tayo na sa paaralan.  
Mag-aral at matuto.  
Magbasa at magsulat.  
Maglaro at tumuklas.  
Mga bagong kaalaman,  
maging aral sa buhay.  
At maging gabay  
tungo sa pangarap.

